Manatili ka ayon sa tagal na dati nang humahadlang sa iyo ang pagreregla mo, pagkatapos maligo ka

Ayon kay `Ā'ishah na ina ng mga mananampalataya (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: "Tunay na si Ummu Ḥabībah bint Jaḥsh na noon ay maybahay ni `Abdurraḥmān bin `Awf ay dumaing sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ng pagdurugo. Kaya naman nagsabi siya rito: "Manatili ka ayon sa tagal na dati nang humahadlang sa iyo ang pagreregla mo, pagkatapos maligo ka." Kaya siya noon ay naliligo sa sandali ng bawat ṣalāh."}

[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

Dumaing ang isa sa mga Babaing Kasamahan ng Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ng pagpapatuloy ng paglabas ng dugo sa kanya. Kaya nag-utos ito sa kanya na huminto siya sa pagsasagawa ng ṣalāh ayon sa tagal na dati nang ang pagreregla niya ay humahadlang sa kanya bago ng paglabas nitong bagay na natataon sa kanya. Pagkatapos maliligo siya at magsasagawa siya ng ṣalāh. Kaya naman siya noon ay naliligo nang kusang-loob para sa bawat ṣalāh.

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/10015